



Hawaii State Department of Education

School Based Medicaid Claiming Program

Information and Answers for Families

1. Bakit hinihiling ng Departamento ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii (Departamento) na maisauli ang bahagi ng ibinayad sa Medicaid?

Pinapayagan ng batas pederal na isauli ng Medicaid and bayad ng mga ilan sa gawa-sa-eskuwelahan na serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan batay sa Batas Edukasyon Para sa May Mga Kapansanan (Disabilities Education Act) o IDEA na nakasaad sa Programa Para sa Edukasyong Pang-indibidwal (Individualized Education Program) o IEP ng estudyante kung ang estudyante ay kuwalipikado para sa tulong medikal sa pamamagitan ng ahensiya ng Medicaid ng estado, ang Med-Quest.

2. Ano ang maaaring isauli ng Departamento mula sa Medicaid?

Maaari lamang hingin ng Departamento ang bayad para sa mga kailangang medikal at kailangang edukasyonal na serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan na nakasaad sa IEP ng estudyante para sa mga estudyante na kuwalipikado para sa tulong medikal sa pamamagitan ng Med-QUEST. Sa ngayon, kasama sa mga serbisyo na maaaring hingin ng Departamento ang bahagi ng bayad sa pamamagitan ng Med-QUEST ay ang mga sumusunod: mga ebalwasyon, pisioterapyang (physical therapy), terapyang okupasyonal (occupational therapy), mga serbisyo sa pandinig (audiology services), terapyang sa wikang binibigkas, mga serbisyo ng teknolohiyang pang-asiste, mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan, at mga serbisyo para sa kalusugan ng kaisipan.

3. Paano gagamitin ng Departamento ng makukuha niyang pera mula sa Medicaid?

Gagamitin ng Departamento ang mga pondo na maisasauli nito mula sa Med-QUEST para may panggastos sa mga aktibidad at mga kailangan sa edukasyon.

4. Kailangan ba ng Departamento ang pahintulot ng mga magulang/tagapag-alaga upang masingil nito ang Medicaid?

Oo. Kailangang makakuha ang Departamento ng pahintulot ng magulang bago ito makapagsumite ng kahilingan para sa pagsasauli ng bayad sa pamamagitan ng Med-QUEST para sa kailangang medikal at kailangang edukasyonal na serbisyo na may kaugnayan sa kalusugan na nakasaad sa IEP ng estudyante.

5. Pati ba ang aking pribadong seguro ay sisingilin ng Departamento?


Hindi. Hindi sisingilin ng Departamento ang pribadong seguro para sa anumang serbisyo na nakasaad sa IEP ng estudyante.

6. Kung hihingin ng Departamento sa Medicaid na isasauli nito ang bahagi ng ibinayad, maaapektuhan ba ang mga serbisyo ng Medicaid na natatanggap ng aking anak sa labas ng eskuwela?

Hindi. Ang mga serbisyo ng Medicaid na natatanggap sa labas ng eskuwela at sa mga araw na walang pasok sa eskuwela ay hindi kuwalipikado para sa pagsasauli ng bayad dahil ibang usapan na ito. Kung ang mga natatanggap na serbisyo sa labas ay naapektuhan, dapat tawagan ng mga pamilya ang Programa sa Pagsasauli ng Bayad at mga Kontrata Tungkol sa Pag-aalaga ng Kalusugan (Health Care Contracts and Reimbursement Program) sa (808) 305-9787.

7. Aapektuhan ba ng prosesong ito ang mga serbisyo ng IEP na matatanggap ng aking anak?

Hindi. Hindi hadlangan o babawasan ng prosesong ito ang anumang serbisyo ng IEP para sa estudyante.



Hawaii State Department of Education
Health Care Contracts & Reimbursement
475 22nd Ave. • Honolulu, HI 96816 • Phone: (808) 305-9787
Fax: (808) 733-9154 • Email: HCCR@notes.k12.hi.us